# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Disyembre 5, 2023
**MGA CONTACT:** Distrito ng Hangin - communications@baaqmd.gov,
MTC - John Goodwin, 415.778.5262

## Distrito ng Hangin at MTC, inilunsad ang pinahusay na website ng Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe para sa mga employer sa Bay Area

**SAN FRANCISCO** – Inilunsad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Metropolitan Transportation Commission ang na-update at pinahusay na portal para sa pagpaparehistro ng kanilang mga benepisyo sa Programa para Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe na tutulong sa mga kumpanya habang patuloy na bumabalik ang mga empleyado sa lugar ng trabaho.

Inaatasan ng Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe sa Bay Area ang mga employer na may 50 o higit pang full-time na empleyado sa Bay Area na mag-alok sa kanilang mga empleyado ng mga benepisyo sa mga nagbibiyahe. Dapat magparehistro ang mga employer at dapat nilang ibigay sa kanilang mga empleyado ang isa sa limang opsyon sa benepisyo sa mga nagbibiyahe.

Sa pamamagitan ng bagong portal ng empleyado, magagawa ng mga kumpanya na:

- I-access at i-update ang impormasyon sa pagsunod ng kanilang Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe anumang oras, sa halip na isang beses lang sa isang taon.
- I-update ang kanilang impormasyon sa pagsunod nang hindi gumagawa ng kahilingan para sa serbisyo sa customer.
- Direktang ipadala ang mga tanong sa serbisyo sa customer sa pamamagitan ng portal ng employer, kung saan ia-archive ang mga dating tanong sa profile ng employer para madaling sanggunian.
- Magagawa ng mga employer na magparehistro o i-update ang kanilang pagpaparehistro sa: https://511.org/employers/commuter-benefits-program

“Ang Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe ay isang pag-aatas na makakatulong sa mga employer na maging mas produktibo at mas maraming mapanatiling empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanilang mga empleyado ng mga benepisyo sa mga nagbibiyahe,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin ng Bay Area. “Kung mas mahusay ang mga solusyon sa pag-commute, mababawasan ang stress at gastusin sa pag-commute ng mga empleyado, habang mabibigyan ang mga employer ng mga benepisyo para sa buwis, at makikinabang ang lahat.”

“Ang network ng pampublikong transportasyon ng Bay Area ay isa sa pinakamagagandang asset ng rehiyon para sa pagpasok sa trabaho,” sabi ni Andrew Fremier, ang tagapagpaganap na direktor ng Metropolitan Transportation Commission. “Kinikilala ng mga kumpanya ang kahalagahan ng pagbibigay ng mga benepisyo sa mga nagbibiyahe sa mga empleyado, at ang pagsusulong ng mga bagong paraan ng pagpasok sa trabaho. Sa mga update sa portal ng Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe sa araw na ito, mas napapadali para sa mga kumpanya na magparehistro at i-update ang kanilang mga benepisyo sa mga nagbibiyahe.”

Noong 2016, pinagtibay ng Lehislatura ang Panukalang Batas ng Senado 1128 na nagpapahintulot sa Distrito ng Hangin Regulasyon 14, Panuntunan 1: Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Commuter sa Bay Area na maging isang permanenteng mandatoryong programa para sa mga employer sa Bay Area na may 50 o higit pang full-time na empleyado.

Layunin ng Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas at pagsisikip ng trapiko sa pamamagitan ng paghikayat sa mga empleyado na mag-commute sa halip na magmaneho mag-isa. Idinisenyo ang batas para bigyan ang mga employer ng flexibility sa pagsunod. Kasama rito ang pag-aalok sa mga empleyado ng kakayahang magbayad ng pampublikong transportasyon o vanpooling gamit ang mga dolyar na wala pang buwis, kung saan makakatipid ang mga employer at empleyado sa pamamagitan ng pinababang buwis.

Ang Programa para sa Mga Benepisyo sa Mga Nagbibiyahe ay ipinapatupad ng Distrito ng Hangin sa Bay Area. Mapapailalim sa aksyon sa pagpapatupad ang mga employer na hindi susunod sa mga pag-aatas ng programang ito. Makakakuha ng impormasyon sa: https://511.org/employers/commuter-benefits-program.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

Ang MTC ay ang ahensya para sa pagpaplano, pagsasaayos, at pagpopondo ng transportasyon para sa San Francisco Bay Area na may siyam na county.

# # #